Uhay

Espesyal na Isyu
DEC 2017

Opisyal na Pahayagan ng National Network of Agrarian Reform Advocates-Youth

**email:** nnarayouth@gmail.com **twitter:** @nnarayouth

# Walang-patid ang pagpatay sa mga magsasaka sa ilalim ng rehimeng US-Duterte

Kung sa kalunsuran ay pinakawalan ni Duterte ang gera kontra-droga na pumapatay ng libo-libong maralita, sa malawak na kanayunan ay tuluy-tuloy ang todo-gera laban sa mga magsasaka.

Mahigit na sa 100 magsasaka at tagasuporta nila ang biktima ng pampolitikang pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Mula Hulyo 2016 hanggang sa kasalukuyan, walang patid ang militarisasyon sa kanayunan – polisiya na ipinagpatuloy ni Duterte mula sa nakaraang mga administrasyon bilang pabor sa mga haciendero at dayuhang negosyo. Kabilang sa mga kasong ito ang animna masaker: pinakahuli ang pagpaslang sa 8 lumad sa South Cotabato ngayong Disyembre.

Pinaigting ni Duterte ang militarisasyon sa pamamagitan ng panganganyon, air strike, food blockade, pandarakip, at pananakot na inihahasik ng mga sundalo, paramilitar, at mga pribadong armadong grupo sa ngalan ng Martial Law sa Mindanao at pagtalikod sa usapang pangkapayapaan o peace talks. Bukod pa rito ang araw-araw na kamatayan dala ng gutom at kahirapan na dinaranas ng masa sa kanayunan – dala ng atrasadong kalagayan, imperyalistang pandarambong, pagsasamantala at kawalan ng tunay na reporma sa lupa.



**DUTS IN BOOTS.** *Effigy na kolektibong nilikha ng NNARA-Youth, Tambisan sa Sining, Sinagbayan, SAKA, Ugatlahi at BTL-Youth para sa pambansang protestang #LakbayMagsasaka.* LARAWAN: PAU ASUNCION




ILLUSTRATION BY **HULYEN**

## TIMELINE

PEASANT KILLINGS UNDER DUTERTE

### JULY 2016

Hermi Alegre
*Davao, July 15*

**SUMILAO MASSACRE**
*Bukidnon, July 12*
Remar Mayantao
Rogen Suminao
Senon Nacaytuna

Makenet Gayoran
*Bukidnon, July 30*

### AUGUST 2016

Jerry Layola
Jimmy Barosa
*Agusan del Sur*
*August 12*

Jessybel Sanchez
*Davao del Norte*
*August 14*

Elmer Del Rosario,
*Misamis Occidental*
*August 19*

### SEPTEMBER 2016

**FORT MAGSAYSAY MASSACRE**
*Nueva Ecija, Sept. 3*
Gaudencio Bagalay
Emerenciana dela Rosa
Violeta De Leon
Eligio Barbado

Ariel Diaz, *Isabela, Sept. 7*

Totong & Rita Gascon
*North Cotabato, Sept. 13*

**OCTOBER - DECEMBER 2016**

Jimmy Saypan
*Compostela Valley, Oct. 10*

Joselito "Anoy" Pasaporte
*Compostela Valley, Oct. 13*

Jimmy Sotto
*Pampanga, Dec. 24*

# JANUARY 2017

Venie Diamante
*South Cotabato, Jan. 5*

Alexander Ceballos,
*Negros Occidental, Jan. 20*

Veronico Delamente
*Surigao del Norte, Jan. 20*

Wencislao Pacquiao
*Negros Occidental , Jan. 25*

**13 FARMERS KILLED IN FEBRUARY 2017**

DUTERTE ORDERS ARMY TO "FLATTEN THE HILLS"

**MARCH 2017**

8 FARMERS KILLED IN MINDANAO
*(6 IN COMPOSTELA VALLEY, 2 IN BASILAN)*

Renel Miraballes, Camarines Sur, March 30

**APRIL 2017**

Danilo Nadal, *Compostela Valley, April 2*
Elias Pureza, *Davao del Norte, April 6*
Bernardo Ripdos, *Compostela Valley, April 8*
Constancio & Crisanta Petalco, *Bohol, April 11*

**2 MASSACRES IN MASBATE**

*April 15* Rodolfo Tagalog Jr, Jerry Cuyos & Josel Rosales

*April 20* Lolita Pepito, Rechely & Reden Luna

**MAY 2017 MARTIAL LAW DECLARED IN MINDANAO**



8 MORE FARMERS KILLED IN MINDANAO
*THOUSANDS OF MORO CIVILIANS DISPLACED, MISSING / UNACCOUNTED*

**JUNE - JULY 2017**

Lito Casalla, *Batangas, June 3*
Jaynudin Amiludin *Maguindanao June 8*

Joseph Baning, *Camarines Norte, July 1*
Ande Latuan, *Bukidnon, July 6*
Meliton Catampungan
*Surigao del Norte, July 10*
Remond Lino, *Compostela Valley, July 12*
Carolina Arado, *Compostela Valley, July 13*
Silvestre Maratas, *Surigao del Sur, July 16*
Mario & Catalina Castro, *Nueva Ecija, July 20*
Alberto "Leboy" Tecson, *Negros Oriental, July 24*
Arnel Borres & Dick Laura, *Sorsogon, July 28*

**AUGUST 2017**

Rogelio & Rolito Mendoza, *Isabela, Aug. 28*

3 FARMERS KILLED IN COMPOSTELA VALLEY

**SAN NICOLAS MASSACRE**
*Pangasinan, August 25*
Crisologo "Celso" Alambra, Marcelo Perico, Arthuro Galvez & Thelma Albanio

**SEPTEMBER - NOVEMBER 2017**

Jezreel & Dalia Arrabis, *Davao del Sur, Sept. 2*
Obello Bay-ao, *Davao Del Norte, Sept. 5*
Luardo Yac, *Negros Oriental, Sept. 7*
Reneboy Magayano, *Compostela Valley, Sept. 28*

Perfecto Hoyle, *Agusan del Norte, Nov. 16*

**DUTERTE JUNKS PEACE TALKS, THREATENS TO UNLEASH CRACKDOWN ON ACTIVISTS**

Vivencio Sahay, *Agusan del Norte, Nov. 23*
Elisa Badayos & Elioterio Moises
*Negros Oriental, Nov. 28*

**LAKE SEBU MASSACRE**
*South Cotabato, December 3*
Victor Danyan, Victor Danyan, Jr., Artemio Danyan, Pato Celardo, Samuel Angkoy, To Diamante, Bobot Lagase, Matend Bantal

# MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!

Ito ang sigaw ng ating magigiting na bayani sa gitna ng lagim ng Batas Militar ni Marcos. Ito ang hamon sa kabataan at sambayanan sa kasalukuyan.

Ang talamak na pamamaslang, panunupil at iba pang atake sa karapatang-tao ngayon ay bahagi ng pakana ni Duterte para sa isang pasistang diktadura o lalo pang pag-agaw at pagkonsentra ng pampolitikang kapangyarihan sa sarili. Si Duterte na nga mismo ang umamin -- PASISTA SIYA! Katulad niya ang mga kakuntsaba, ang mga bulok na paksyon ng mga Arroyo at Marcos na hahamakin ang lahat para lang sa interes ng kauring oligarkiya at among imperyalista!

Ang karahasan ng estado ay di mapapatid sa pagsasawalang-bahala. Tayo ay hinahamon ng panahon upang labanan ang tumintinding pamamaslang sa ating mga magsasaka, at upang tumindig at ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan laban sa tiranya at diktadura! Makisangkot at makipamuhay sa ating mga manggagawa at magsasaka, sumama sa mga pagkilos at protesta, sumalig sa kapangyarihan ng sambayanang nagkakaisa at nakikibaka para sa pambansang demokrasya!

# DISYEMBRE 10

*INTERNATIONAL HUMAN RIGHTS DAY*

LUMAHOK SA PAGKILOS!
Hanapin ang **STOP KILLING FARMERS!**
1:30 pm sa Liwasang Bonifacio
3:00 pm sa Bonifacio Shrine
5:00 pm sa Mendiola

**# STOP KILLING FARMERS**

**TIMELINE LINK: http://ow.ly/fcAe30h2H6z**

SUMALI SA **NNARA-YOUTH!** CONTACT **09068138982**